

1

Napabalikwas ng bangon si Trent Caballero dahil sa sunud-sunod na tunog ng kanyang cellphone. Si Jojo ang nasa kabilang linya, ang pinsang-buo niya sa mother side.

“Ang aga mong nambubulahaw, ah!” reklamo niya rito, pupungas-pungas.

“Pambihira! Nasaan ka ba?” palatak nito.

Dahil sa tanong nitong iyon, noon lamang niya naalala ang kasamang babae. Napalingon siya sa kama. Wala na ito roon. Tanging gusot na kumot at bedsheet na nabahiran ng dugo ang naroon.

Ipinilig niya ang ulo upang mahimasmasan. He couldn't believe that the girl he dated was a virgin!

Hindi siya makapaniwalang ganoon kadali nitong ipinagkatiwala ang pagkababae sa kanya. And of all the righteous men in the world, sa katulad pa niyang palikero na kahit kailan ay hindi nagpahalaga sa mga ganoong bagay. Napailing siya.

“Oy, may kausap pa ba ako?” pukaw ni Jojo sa kanya.

“Pauwi na ako,” tugon ni Trent.

“Huwag mong sabihing iyong babaeng bisita ni Janet ang naka-date mo? Bigla rin kasi siyang nawala,” sita nito.

“Ano naman ang masama?”

“Wala nga.” Natawa ito. “Kaya lang hindi lahat ng babae, malinis. Baka mamaya—“

“Pinsan, marunong akong kumilatis ng babae. Saka hindi lahat ng nakapalda, pinapatulan ko. I keep myself guarded,” aniya.

“Paalala lang naman ang sa akin.”

“Bakit hindi mo rin kasi subukang tumikim ng iba? Hindi ka ba nagsasawa sa relasyon ninyo ni Janet?” naisip niyang itanong. Mahigit anim na taon nang magkasintahan ang mga ito.

At dahil magkaiba sila ng prinsipyo pagdating sa pakikipagrelasyon, malimit mapikon sa kanya si Jojo kapag ganoon ang tema ng usapan nila.

“Hindi pa sira ang ulo ko para gawin iyon,” matigas na depensa nito sa sarili.

“Bakit? Sira ba ang ulo ko kaya ko ginagawa iyon?”

“Hindi nga ba?” balik-tanong nito.

“Look, Pinsan, natural lang sa mga lalaki ang maghanap ng iba kapag nagsasawa na sa isa,” ngingiti-ngiting sabi niya.

“Oy, hindi lahat ng lalaki ay katulad mong babaero. Kaya kung gusto mong magpakalunod sa kalokohang iyan, bahala ka,” seryosong tugon nito.

“Amen,” naiiling na saad ni Trent.

“Anong amen? Huwag mong gawing biro ang lahat ng sinasabi ko sa 'yo. Ayusin mo ang buhay mo. Baka magsisi ka kung kailan huli na.”

Napabuntong-hininga nang malalim si Ashna Mallari nang masilayan ang bukung-liwayway. Nang mga sandaling iyon ay naroon siya sa *Bohol Bee Farm* kasama si Jem, ang kanyang matalik na kaibigan at katrabaho sa Maynila.

Nakapangalumbaba siya habang nag-iisip. Sana ay naging kasing-ganda ng lugar na iyon ang buhay niya. Tahimik at malaya. Ngunit sa itinatakbo niyon, pakiramdam ng dalaga ay unti-unti siyang nabubulid sa kumunoy, hinihila paibaba hanggang lumubog.

Bakit kasi sa dinami-dami ng mga babae sa

mundo ay siya pa ang nasuot sa ganoong sitwasyon? Kung tutuusin, sandamakmak ang mga ambisyosa na gustong makapag-asawa ng mayaman.

Muling nilamon ng lungkot ang kanyang puso. Sana ay naging isa na lamang siya sa mga ito para mas madali niyang matatanggap ang kapalaran niya.

Napatingin siya sa dagat na abot-tanaw mula roon. Talagang wala nang pag-asa na matupad ang pangarap niya na maging perfect bride sa isang perfect groom para sa isang perfect wedding.

Nakatak dang ikasal ang dalaga kay Don Eustavo, isang milyonaryo sa lugar nila sa Ilocos Sur. Sa ayaw at sa gusto niya, kailangan niyang saluhin si Mang Ramon, ang kanyang ama, sa naipangako nito sa matanda.

Malaki ang utang-na-loob ng pamilya niya kay Don Eustavo.

Bukod sa kanya na panganay, may dalawa pa siyang nakababatang kapatid na babae, sina Angeline at Amora. Namamasukan noon sa isang pabrika sa Vigan ang kanyang ama. At kahit mahirap lamang sila, sinisikap nitong itawid ang pag-aaral nilang magkakapatid.

Ngunit ang hindi nila inaasahan, third year

college si Ashna nang magsara ang pabrikang pinapasukan ni Mang Ramon, dahilan upang lalo silang malugmok sa mas matinding alalahanin.

Noon nito nakilala si Don Eustavo. Laking pasasalamat nila nang alukin ng huli ang kanilang ama na magtrabaho sa mansion bilang personal driver nito.

Naging napakabait na amo ng matanda kay Mang Ramon. Kusang-loob pa nitong binigyan ang pamilya niya ng perang pampuhunan sa negosyo na pinangasiwaan ni Aling Nelda, ang kanyang ina. Sa ngayon, kahit paano ay malaki ang naitulong ng pot-making business sa kabuhayan nila. At dahil din doon, may kaunting naipon na rin sila sa bangko.

Kaya nang makatuwaan ng milyonaryo na hingin ang kamay niya sa kanyang mga magulang, bantulot man ay hindi na nagawang tumutol ng mga ito.

Napamulagat ang dalaga nang magsalita ang kasama.

“Hay, naku!” basag nito sa katahimikan. “S’abi ko na nga ba, hindi ka nakikinig sa mga pinagsasabi ko. Nasayang lang ang laway ko.”

“A-ano nga uli ang sinabi mo?” tila naalimpungatan na tanong ni Ashna.

“Ano ba talaga ang iniisip mo? Iyong problema mo o iyong sinabi mong guwapong lalaki na ka-date mo kagabi? Aba, bigla ka na lang umalis nang hindi ko alam. Mukha akong tanga sa kahahanap sa 'yo,” litanya nito.

Napatitig siya sa kaibigan at muling humugot ng buntong-hininga. “Jem, I... I just had a one-night stand with that stranger,” paputul-putol na sabi niya.

Napanganga ito sa gulat. “A-ano!

“Jem, please, ikaw lang ang kaisa-isang taong p'wede kong pagsabihan ng nangyari. Can you keep it?”

“Diyos ko, Ash! Ano ba ang pumasok sa kukote mo at naisipan mong gawin ang kabugukang iyon, ha?” di-makapaniwalang turan nito habang sapo ang dibdib.

“Can you keep it as a secret?” ulit niya.

Tumangu-tango ang kausap. “Huwag lang akong magugutom. Madaldal kasi ako kapag walang laman ang tiyan.”

“Jem!” Pinandilatan niya ito.

“Biro lang! Bakit mo ba kasi ginawa iyon?”

Naikibit ng dalaga ang mga balikat. “Alam mo, Jem, I always dreamed of a perfect wedding, kaya iningatan ko ang sarili ko. I wanted to do it right for the man I love. Pero hindi na magkakatatotoo pa iyon. So I decided to give it away, at least, to someone my age,” paliwanag niya.

Umangat ang mga kilay ng kasama. “Eh, paano kung ang virginity mo pala ang gusto ni Don Eustavo? Naikuwento siguro ng tatay mo na hindi ka pa nagkaka-boyfriend, kaya biglang nagkainteres sa ’yo ’yong matanda. Kapag nagkataon, baka isoli ka sa inyo kapag nalaman niya ang nangyari.”

“Pabor iyon sa akin kapag nagkataon,” aniya.

“Kunsabagay,” anito na ikinumpas-kumpas ang hawak na tinidor, “may point ka rin, eh. Kapag nadismaya ang matanda, posibleng iurong na niya ang kasal ninyo.”

Muli siyang napatingin sa malayo. “Sana nga.”

“Iyong guwapong Boholano na lang sana ang maging boyfriend mo,” nangingiting sabi nito.

“Hay naku! Imposibleng magkita pa kami uli ng lalaking iyon. Saka hindi ako ang tipo na tototohanin niya.” Nangulimlim ang kanyang mukha.

“Bakit naman?”

“Iyong mga ganoong babaero, mahirap paibigin. They want to be challenged in a different way, iyong mahihirapan sila. Sa tingin mo ba, na-challenge siya sa akin? Natural hindi,” tugon niya.

“Ano nga pala ang pangalan ng lalaking iyon?” interesadong tanong nito.

Napamaang si Ashna. “H-hindi ko alam, eh. Hindi ko naitanong,” aniya.

Natampal nito ang noo. “Ano! Nahalikan ka na’t lahat, iyon lang, hindi mo pa itinanong. Sana lang, kahit pangalan, may souvenir ka. Ano ka ba naman!”

Muli ay nagkibit-balikat siya.

Nang pumapasok sa parking lot ng *Bohol Bee Farm* ang gray *Kia Sportage* na minamaneho ni Trent habang sakay sa passenger seat niyon si Jojo, napalingon ang una sa dalawang babaeng papalabas ng lugar na iyon.

Naipreno ng binata ang sasakyan.

“Bakit?” nagtatakang tanong sa kanya ng kasama.

Kaagad siyang umibis mula roon. “Pinsan, ikaw

na ang mag-park nito. May kakausapin lang ako,” aniya.

“Ano’ng meron? Saan ka pupunta?” usisa nitong muli. Ngunit nang bigla niya itong tinalikuran, napakamot na lamang ito ng ulo.

Lakad-takbo ang ginawa ni Trent para mahabol ang mga babae. Hindi siya maaaring magkamali. Ang isa roon ay ang babaeng nakasama niya noong isang gabi!

“M-Miss! Miss!” di-magkandatutong tawag niya rito na halos lumabas ang mga ugat sa leeg. Hindi niya tuloy napansin ang nakahambalang na tindera at ang mga paninda nitong prutas sa daan. Nagmistulang mga bolang maliliit ang mga mansanas at peras na gumulong kung saan-saan. “S-sorry, sorry!” paumanhin niya.

“Anong sorry, sorry?” galit na sabi ng matabang babae. “Paano pa bibilhin ang mga paninda ko, nalamog na?”

Napalingon ang mga tao sa gawi nila dahil sa tinis ng boses nito.

“Ah, Misis,” ani Trent, “babalikan kita, okay? Babayaran ko ang mga iyan. Mayroon lang akong hinaha—“ Paglingon niya sa lugar kung saan huli

niyang nakitang nakatayo ang babae ay wala na ito roon. “Anak ng...!” Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok dahil sa panghihinayang. Ilang hakbang na lamang sana ay aabutan na niya ito kung hindi lamang dahil sa tindera na kaharap niya.

“At sinong Misis ang tinutukoy mo? Dalaga pa ako, 'no! Babayaran mo ba ako o hindi?” anang palengkerang babae.

Mabilis na dinukot ni Trent ang wallet mula sa bulsa saka hinarap ang mahaderang kausap. “O, ayan, sobra pa ang halaga niyan sa mga nalamog ko. At p'wede ba, isara mo iyang bibig mo at baka iyan ang lamugin ko sa bugbog.”

Kaagad nitong hinablot ang pera mula sa kanya. Nabubuwisit na tinalikuran niya ito.

Habang lumilipad sa kalsada ang jeep na kinalululanan ng magkaibigan pauwi sa hotel na tinutuluyan nila ay lumilipad din ang isip ni Ashna. Napapailing na lamang si Jem habang nakatingin sa kanya.

Mayamaya ay tumunog ang cellphone niya. Si Aling Nelda ang nasa kabilang linya.

“Opo, 'Nay, hindi ko nakakalimutan,” tugon niya rito. “Pero two weeks pa kami rito ni Jemmalyn.”

“Naku, eh, paano iyan? Kailangan ka na raw masukatan ng wedding gown sa makalawa,” nag-aalalang sabi ng kanyang ina.

Napabuntong-hininga si Ashna. “P’wede naman ninyong sabihin kay Don Eustavo na trabaho ang ipinunta namin dito para hindi niya ako apurahin na umuwi. Isa pa, sa June pa ang schedule ng wedding. April pa lang ngayon kaya kahit sa isang buwan pa ako sukatan, p’wede pa,” nakakunot-noo na tugon niya.

“Eh, hindi naman ako ang nakausap ni Don Eustavo kundi ang tatay mo. At alam mong hindi marunong magsinungaling si Ramon. Ayun, sinabing nagbabakasyon ka diyan sa Bohol,” anito.

Naihilamos ni Ashna ang palad sa mukha. Pihadong sa susunod, si Don Eustavo na mismo ang tatawag sa kanya sa telepono para lamang siguruhin nito na tutupad siya sa usapan.

“Bakit ka nakangiti?” aniya sa kasama nang matapos ang usapan nila ng ina.

“Wala lang,” ani Jem habang umiikot ang mga mata. “Alam na pala ni Don Eustavo kung saan ka

ipadadampot sa helicopter niya. Akala ko tipong hideaway ang bakasyon na ito. Ikaw lang kasi, p'wede ka namang tumangging magpakasal sa kanya. Bakit ba ayaw mong gawin, ha?"

Dahil sa tinuran ng kaibigan, unti-unting lumamlam ang mga mata niya. "Minsan nang inatake sa puso si Tatay, di ba, kaya nga siya huminto na sa pagiging driver ni Don Eustavo. Ayokong maulit iyon. At kung mayroon mang kailangang magsakripisyo para sa kanila, ako iyon dahil ako ang panganay," pahayag niya, kahit sa kabila niyon ay mababakas ang pagtutol ng kalooban.

"Hay, buti na lang, bunso ako," biro nito sa kabila ng paninimdim niya. Batid niyang nais lamang nitong pagaanin ang bigat na nararamdaman niya.

Bigla tuloy siyang natawa. "Luka-luka!"

2

“Sino ba iyong hinabol mo kanina?” interesadong tanong ni Jojo sa kanya nang makapuwesto na sila sa loob ng restaurant.

Napangiti ang binata. “Iyong naka-date ko kagabi.”

“Oh, I see.” Napaangat ang mga kilay ng kaharap, at tumangu-tango. Mayamaya ay nagsalubong din ang mga iyon. “Pero bakit mo siya hinabol? Knowing you, that was out of the line.”

Hindi kaagad siya makaapuhap ng salita. Napaisip tuloy siya. Bakit nga ba niya ginawa iyon? Ano ang sasabihin niya sa babae kung naabutan niya ito? Considering his pride, he hadn't done that kind of stupid thing before.

Natawa ang pinsan. “Para sabihing gusto mong ulitin ang nangyari sa inyo?”

“No!” mabilis niyang tanggi.

“So ano? Give me a reasonable answer.”

Naguguluhang naisandal niya ang likod sa upuan, figuring out what his mind was really up to.

“Jojo, she wasn’t experienced like I thought she was!” bulalas niya, nasa mga mata ang matinding katanungan.

Sa halip na magbigay kaagad ng komento ang kausap ay sandaling tinitigan siya nito, tila sinisiguro kung talagang apektado siya ng pagiging inosente ng babae. Dahil kung ang karanasan ni Trent ang pagbabasehan, hindi sapat na pamantayan iyon para tamaan ang puso niya. He had dated and savored equally naïve women. Pero kahit isa roon ay walang tumimo sa alaala niya.

“Magkaliwanagan nga tayo, Trent,” anito. Itinukod nito ang mga siko sa ibabaw ng mesa at ipinagdaop ang mga palad. “Kailangan ba natin talagang pag-usapan ang virginity ng babaeng iyon? I mean, is that a big deal for you?”

“I don’t know. I really can’t say,” he said in deep expression. “The night we met, galit siya agad nang nilapitan ko, parang bulkan. In fact, we argued almost the whole night so I didn’t know exactly what made her decide to go out with me. And as we were doing it, malayo ang isip niya, todo-bigay na parang wala nang kinabukasan,” seryosong kuwento ni Trent.

Humagalpak ng tawa si Jojo. “Which means, hindi ka niya type. Siguro pinagbigyan ka lang dahil

nairita sa 'yo."

"Wala naman sigurong babaeng papayag kung ganoon lang ang dahilan."

Umunat muna ito sa pagkakaupo bago nagpatuloy, "Simple lang naman ang gagawin mo kung gusto mo talagang makausap uli ang babaeng iyon."

"No," mabilis niyang tanggi. "Don't tell Janet. You know how I hate pursuing women."

Isang domestic stewardess si Janet. Nakilala nito ang babae sa eroplanong sinakyan ng mga ito papuntang Bohol. At dahil nagkapalagayang-loob ang mga ito, hindi nangimi ang una na imbitahin ang bagong kakilala sa kaarawan nito kung saan niya nakita ang estranghera.

Napangiti ang kaibigan. "You're playing the same game over and over again. Kailan ka ba magseseryoso sa isang babae?"

Natawa ang binata. "Darating din ako diyan, Pinsan. Huwag mo akong madaliin," wika niya.

"I doubt it," iiling-iling na sabi nito.

Kahit hindi ito pabor sa pambababae niya, best friends ang turingan nilang magpinsan.

Likas na taga-Bohol si Jojo. May-kaya ang pamilya nito sa Tagbilaran City. Ngunit dahil lalaki at nasa tamang edad na, bumukod ito at ilang taon na ring naninirahan sa isang condominium unit sa Panglao Island.

Kaya kapag narito siya sa bansa upang magbakasyon, ito ang una niyang pinupuntahan.

Isang matagumpay na arkitekto si Trent sa New Zealand. Sa limang taon na inilagi niya roon, he had already established a name for himself. Nakapagpundar na rin siya ng sariling bahay at sasakyan.

Hindi mapakali si Trent nang gabing iyon. Saklaw ng alaala ng estranghera ang isip niya. At hindi siya makapaniwalang nangyayari ang gayon sa kanya.

Kakaiba ito sa mga babaeng kilala niya at mga babaeng nagdaan sa buhay niya. At dahil sa isiping iyon, bigla niyang naalala ang huling pag-uusap nila.

“Hi! I presume you need a company tonight,” nakangiting bungad niya rito.

Nanatiling blangko ang mukha ng babae. Gayunpaman, napagtanto niyang higit na maganda

ito kapag malapitan.

Para itong manyika sa liit ng mukha nito na inayunan ng pulidong hugis ng ilong at makipot na mga labi. Malamlam na may halong tapang ang mga mata, bagay na nagpatingkad sa pagiging smart nito.

When she noticed he didn't pay attention to her impassive gesture, tiningnan siya nito sa mukha saka siya pinasadhan ng tingin hanggang umabot ang paningin nito sa makikintab niyang sapatos na balat. Pagkatapos ay sumulyap ito sa dance floor saka inilibot ang mga mata sa paligid, obviously ignoring him.

“Can I join you?” ulit niya rito.

“No, thank you,” sa wakas ay tugon nito bagaman pairap iyon. “I have a friend with me.”

At dahil determinado ang binata na pahinugin ang interes niya sa kausap, hindi niya pinatulan ang pasaring nito.

“Mukhang mainit ang ulo mo, Miss,” nakangiti pa ring patuloy niya, sabay upo sa bakanteng silya sa tapat nito. “A good champagne will—”

“I don't drink,” nakasimangot na sabi nito.

“The reason why you reek of brandy?” sarkastikong saad niya.

"I mean, I don't usually drink." Nilingon siya nito, bakas ang inis sa magandang mukha. "Look, whether I drink or not, it's none of your damn business. Just leave, okay?"

For one thing, he didn't expect such kind of treatment. Eksperto siya pagdating sa mga babae. He never failed. Maiinit na yakap at halik ang karaniwang ibinabalik sa kanya ng mga babaeng nakakadaupang-palad. At kadalasan, humahantong sa kama ang pakikipagbiruan niya sa mga ito.

Ngunit tila masisira ang diskarte niya sa isang ito. Ngayon lamang niya naramdaman na bahagyang umurong ang kanyang buntot.

Gayunpaman, walang dahilan para mapatiklop siya ng estranghera.

"Bakit ka ba nagagalit? Siguro, iniwan ka ng boyfriend mo dahil nakakita ng ibang babae na marunong ngumiti?" aniya.

"Wala akong interes sa kahit na sinong lalaki lalo na sa kagaya mong presko!" mabagsik na anito.

Gustong matawa ni Trent sa reaksiyon ng babae. Kahit sambakol ang mukha, she was very charming. Malakas ang sex appeal nito kahit nagsusuplada.

“Bakit, tomboy ka ba?” Sa katulad niyang buskador, mas nag-e-enjoy siyang inisin ang mga katulad nitong pikon. “Kaya pala kanina ka pa sulyap nang sulyap sa dance floor. Sino ba sa mga babaeng iyon ang type mo?”

Sarkastikong ngumiti ito. “Will you please leave me alone? Maghanap ka ng iba mong kausap, iyong makikinig sa walang kuwenta mong pinagsasabi,” magkasalubong ang mga kilay na tugon nito.

Natawa ang binata. “Hey, I’m just making friends with you. Masama ba iyon?”

Humalukip ang kausap. “Is that your way of making friends?”

“Well, not actually. Ikaw naman kasi ang unang nagsungit.”

Umangat ang mga kilay nito. “Paanong hindi ako magsusungit? Sa tingin mo ba, nakakatuwa ang entrada mo?”

“You know, I approached you without the intention of annoying you or something, okay? Napansin ko kasing malungkot ka despite the lively atmosphere,” paliwanag ni Trent.

“Sorry to disappoint you but I’m not unhappy.

Hindi lang talaga ako vocal na tao. Gusto kong malaman mong masaya ako not until you came."

Napangiti siya sa tinuran nito. "Can't you be a little friendly with me?"

She looked at him straight in the eye, but her stare seemed to be lost somewhere. Parang tumatagos iyon sa kaluluwa niya.

"Okay, just tell me what you want to say, then leave me alone," anito.

"I like you," walang gatol na pahayag niya.

Napatigagal ito at muling napatitig sa kanya. He felt relieved when finally her odd reaction changed.

"Can I ask you something?" malaunan ay tanong ng babae.

"Anything," tutok ang mga matang tugon niya.

"When it comes to taking women out, a-are you the choosy kind of guy?"

Napakunot-noo siya. "You mean, sleeping with women?"

"Y-yes."

Napangiti ang binata. "Kung katulad mo ang

makaka-date ko, hindi ako magdadalawang-isip,” mabilis na sabi niya.

“Then take me out,” desididong turan nito.

“W-what?” paglilinaw niya. Halos hindi kasi niya mapaniwalaan na matapos siyang tarayan nito, ito ang nagyayayang lumabas.

“Hindi ka naman siguro bingi para hindi marinig ang sinabi ko at lalong hindi ka na rin bata para hindi iyon maintindihan,” anang babae.

Bumiling sa pagkakahiga si Trent saka ipinagpatuloy ang pagbabalik-tanaw sa sandaling kapiling niya ang estranghera.

Nag-init ang kanyang pakiramdam nang masamyo ang mabangong hininga nito. As an expert kisser, he could measure that she barely knew the basic. At iyon ang gusto niya. He would teach her little by little until she implored for more.

He bent a bit to kiss her neck and it felt like he was kissing a bouquet of fresh flowers. Lalo niyang nilaliman ang halik hanggang kusang mapakapit ito sa batok niya.

Dahan-dahan niyang tinanggal ang pagkakabutones ng blusa ng babae. Napatitig ito sa kanya. She was as

if holding her emotions in control.

Ngunit nang sinimulang damhin ng kanyang dila ang mamula-mulang mga dunggot sa dibdib nito, napaigtad ang dalaga. Lihim siyang napangiti.

To give her a more intimate pleasure, he gently stroked her breasts with his solid hands, making her body rolled in sugary delight. He then moved his lips down to her belly until it reached the frontal skin of her femininity. Napakislót ang kaniig.

Tinagalan niya ang paghalik doon, paulit-ulit, pabalik-balik, hanggang tila mawala ito sa sarili. Intolerantly, she clutched his hair with both hands, pressing his head against hers. The more she pushed him in between her thighs, the deeper his tongue got into it.

Napaungol ito. Her breathing pattern almost seemed to run abnormally, making her more attractive.

After several minutes of working on it, he then positioned himself on top of her and hooked one of her thighs over his waist.

When he started to get through her, she cried in surprise. Nagtaka siya sa naging reaksiyon nito. She seemed in pain, ngunit ayaw niyang paniwalaan iyon.

Ngunit nang ulitin niya ang kapangahasan, muling napadaing ang dalaga. Nakagat nito ang pang-ibabang labi dahil sa sakit na naramdaman. He felt confused. Totoo nga kayang nasasaktan ito o umaarte lang?

He tried again but couldn't easily break in considering it was already moist and ready. And because he was at peak of his urge and couldn't wait any longer, no matter how he tried to be careful, it was more of a vigorous intrusion.

Bumaon ang mga kuko nito sa magkabila niyang balikat.

Naputol ang iniisip ni Trent nang tumunog ang cellphone niya.

“Can’t you wait for my call?” Kagyat na uminit ang ulo niya nang malamang kung sino ang nasa kabilang linya. Si Cristy, ang babaeng matagal nang ipinipilit ang sarili sa kanya.

“At kailan naman kaya iyon?” mataray na sabi nito. “Kung hindi pa kita hanapin, hindi ka magpapakita!”

What he despised about her, she was very impulsive and had no protocol. At kapag naisipan nitong tawagan siya, wala itong pinipiling oras.

“I’ll call you. Just not now, okay?” pangungumbinsi niya sa kausap.

“No!” mabilis pa sa kidlat na tanggi ng babae. “I want to see you now! I missed you so much!”

“I’m too busy at the moment.” Hindi niya naiwasang pumalatak sa kakulitan nito.

“Why do you keep on saying no to me? Let’s see each other somewhere, please? I want to see you,” masigasig na saad nito.

Kilala ni Trent ang babae. Sadyang makapal ang apog nito. Kahit lantarang inaayawan niya, hindi pa rin ito sumusuko. Kumbaga sa isang manliligaw, masugid ito.

“Cristy, I’m with a client. Hindi mo ba naiintindihan iyon?” pagsisinungaling niya.

“At this hour? Niloloko mo ba ako, Trent? It’s already midnight at kailan ka pa nagkaroon ng interes na tumanggap ng project dito sa Pilipinas?”

“Do I need to tell you all the details happening in my life?”

Natahimik ang babae. Tanging buntong-hininga ang naulinigan niya sa telepono.

“Did I make myself clear?” sabi niya rito.

“I missed you. Mahirap bang intindihin iyon?” anito.

Napailing ang binata. Talagang ayaw siyang lubayan nito. “I’ll call you.”

“Tomorrow?”

“Don’t give me a damn time frame,” napipikon na wika niya.

Hindi na niya narinig ang sagot ni Cristy. Walang paalam na tinapos nito ang tawag.

Nang magising si Ashna nang umagang iyon, napatitig siya sa kisame. Hindi niya namalayang napapangiti siya.

Naupo siya sa kama nang pabaluktot, yakap ang mga tuhod saka ipinagpatuloy ang pagmumuni-muni.

Napanaginipan niya ang preskong binatang nakaengkuwentro sa party ni Janet. Naroon daw sila sa isang beach, and he was kissing her!

Kahit sa panaginip, kitang-kita niya ang simpatikong mukha ng lalaki, ang malalapad na balikat nito at ang makisig na pangangatawan.

“Good morning!” nakangiting bati sa kanya ni Jem nang lumabas ng banyo. Nakaligo na pala ito. Sa kauna-unahang pagkakataon, naunahan siya nito ng gising.

“Anong oras na ba?” tanong niya.

“Five thirty,” sagot nito habang kinukuskos ng tuwalya ang basang buhok.

“Five thirty?” natarantang ulit niya. “Bakit hindi mo agad ako ginising?”

“Nanghihinayang kasi ako sa panaginip mo, eh. Mukhang maganda pa naman.”

Napanguso siya. “Paano mo nasabing nananaginip ako?”

“Eh, saan ka naman nakakita ng nakangiti habang tulog?” nangingiting sabi nito. “Ano ba ang napanaginipan mo?”

“Ang sabihin mo, sino?”

Napakurap-kurap ito. “Iyong guwapong Boholano?”

Tumango si Ashna.

Napatili ang kaibigan. “Mukhang hindi mo makalimutan ang lalaking iyon, 'no!”

“Napanaginipan lang, hindi na makalimutan?”
pairap na balik niya.

Tumabi ito sa kanya habang bina-brush ang buhok. “Ganoon daw iyon. Sa panaginip lumalabas iyong mga secret thoughts and desires natin.” Dinunggol siya nito sa braso. “Ikaw, ha, iba na iyan.”

“Ang s’abi naman ng iba, kapag daw napanaginipan mo ang isang tao, ibig sabihi’y iniisip ka niya,” kontra niya.

“Oy, imposible iyon.” Isinabay pa nito ang hintuturo sa pag-iling. “Bakit? Magkadugtong ba ang isip ninyong dalawa? Utak mo ang gumagawa ng panaginip mo, hindi utak niya. Ang labo mo talaga.”

Lumabi ang dalaga. “Hindi pa rin ako kumbinsido sa sinasabi mo.”

“Pinipilit mo kasing kalimutan iyong nangyari sa inyong dalawa. Ang kaso, kahit ano ang gawin mo, hindi mo pa rin siya maialis sa isip mo kaya sa panaginip lumalabas lahat,” pahayag nito, umiral ang pagiging BS Psychology graduate. “Ano, kokontra ka pa?”

“Maliligo na ako,” sa halip ay sabi niya.

“Good! Baka maiwan tayo ng eroplano,”

nakangiting anito, dinilaan pa siya.

“Padila-dila ka pa diyan. Baka mamaya hindi ka pa nakaimpake, iiwan talaga kita.” Dinampot niya ang tuwalya saka pumasok ng banyo.

Natawa ito. “Akala mo, makakaganti ka kapag iniwan mo ako? Nasa akin yata ang plane tickets natin.”

3

Vigan, Ilocos Sur...

Kumakabog ang dibdib ni Ashna nang tumuntong ang mga paa niya sa mansion ni Don Eustavo nang gabing iyon. Naroon ang matinding pag-aalala kahit pinipilit niyang magpakatatag.

Nakiusap ito na roon na siya tumira bago dumating ang araw ng kanilang kasal. Atubili man, pumayag siya dahil na rin sa pakiusap ng kanyang ama.

Ipinasundo siya ng matanda sa bagong driver nito, si Mang Alex. Bago pa man siya nakaibis ng kotse, nagmistula siyang isang prinsesa. Isa-isang lumabas ang mga unipormadong katulong para salubungin siya.

Hindi nagtagal ay lumabas na ang matandang milyonaryo. Lulan ito ng wheelchair habang itinutulak iyon ng isang matandang babae.

Bahagyang nangunot ang kanyang noo nang makita ito. Hindi niya napigilang magtaka. Bakit naghahangad pa ito ng isang mapapangasawa sa kabila ng kondisyon nito?

“Welcome home, Ashna!” sabi ng matanda.

Gustong kilabutan ng dalaga nang marinig ang boses nito. Sa pakiwari niya, nasa himig niyon ang kasabikan na makita siya.

“Good evening, Don Eustavo,” pormal na sagot niya.

“Come in, Ashna, huwag kang mahiya,” nakangiting anyaya ng don. Sa isang senyas nito, kinuha ng mga katulong ang dalawang maleta niya. “Ashna, ito nga pala si Dolor,” tukoy nito sa nakatatandang babae na may tulak ng wheelchair. “Siya ang aking mayordoma rito. Kung may kailangan ka, huwag kang mag-alinlangang magsabi sa kanya.”

Ngumiti ang bagog kakilala. Gayunpaman, hindi niya makumbinsi ang sariling pagtiwalaan ito. Sa aura nito, tila mas mahihirapan siyang pakisamahan ito kaysa kay Don Eustavo.

Si Dolor ang naghatid sa kanya patungo sa magiging silid niya sa ikalawang palapag ng bahay, samantalang nakabuntot naman sa kanila ang dalawang katulong na may bitbit ng kanyang mga gamit.

Kahit paano ay gumaan ang pakiramdam ni Ashna nang malamang hindi na muna sila magtatabi

ng matanda sa kama. Nais nito na mapalagay muna ang loob niya bago ang lahat.

“Kung may kailangan ka, pindutin mo lang iyang buzzer sa taas ng headboard ng kama,” seryosong sabi ng mayordoma nang marating nila ang silid na ookupahin niya. Tinungo na nito ang pinto kasunod ang dalawang alalay. “P’wede kang magpalit ng damit kung gusto mo. Ayun ang aparador. Bababa na kami. Tatawagin ka na lang kapag nakahanda na ang hapunan.”

“O-opo. Salamat sa inyo.” Pinilit niyang ngumiti nang sabihin iyon.

Nang makalabas ang mga ito ng silid, noon lamang nakahinga nang maluwag ang dalaga.

Hay, daig ko pa ang may istriktang biyenang sa tipo ng Dolor na iyon, nasabi ni Ashna sa isip.

“What do you prefer?” tanong ng baklang couturier sa kanya. “Off-shoulder, Venus-cut, or—”

“Wala po akong preference ng design. Kayo na po ang bahala sa kung ano iyong babagay sa akin.”

Tila nagulat ang kausap sa tinuran ni Ashna. Umigkas ang mga daliri nito sa kamay at maarteng

sinapo ang dibdib. “Darling, sa dami ng ginawan ko ng wedding gown, ikaw lang ang hindi excited.”

Nginitian lamang niya ito.

“Tumayo ka nga, Darling.” Sandali siyang sinipat-sipat nito. “You have the body. There’s no doubt about it. I think Venus-cut is perfect for you.”

And how I wish this wedding would be perfect, too. If only she would be marrying the man of her dreams, kahit hindi pa siya nakangiti, mukha na siyang nakangiti. Napabuntong-hininga si Ashna. Ang dapat na lamang niyang isipin, she was doing it for her family.

“Brigitte...” Pumasok ang assistant nito sa silid na kinaroroonan nila.

“O, bakit?” tanong ng bakla rito.

“Narito na raw po ang sundo ni Miss Ashna,” pagbibigay-alam nito.

“O sige, sabihin mo hindi ko pa tapos sukatan si Madam. Paupuin mo muna sa receiving lounge,” tugon nito. Kadarating lamang kasi nito. May importanteng bagay raw itong inasikaso sa bahay kaya ngayon lamang siya naharap ng couturier. Mahigit dalawang oras din siyang naghintay sa shop

na iyon, kaya nakabalik na't lahat ang kanyang suundo ay hindi pa tapos ang session.

“Huwag ka munang kakain nang marami bago ang kasal, ha. Ayokong mag-adjust ng sukat,” paalala nito.

“Huwag po kayong mag-alala. Hindi naman po ako malakas kumain,” aniya.

“Good!” Pumilantik uli ang mga daliri nito. “Iyan ang gusto ko sa customer, masunurin. Ang pansin ko lang sa 'yo, Darling, parang nakakalimutan mong ngumiti.”

Napangiti siya sa sinabi nito.

“O, see, lalo kang gumaganda kapag nakangiti.”

Hindi pa nagtatagal, muling bumungad doon ang assistant nito.

“Brigitte,” tawag muli ng babae.

“Ano na naman? Ilang beses ko ng sinabi sa 'yo, Sheena, huwag mo akong iistorbohin kapag may ginagawa ako. Nawawala ako sa concentration,” inis na sabi nito sa kasama.

“Eh, kasi iyong naghihintay kay Miss Ashna, kinukulit ako. Hindi pa raw ba tapos?” Bakas ang

pag-aalala sa mukha nito.

“Bakit ganyan ang hitsura mo? Namumutla ka,” ani Brigitte.

“Suplado po kasi. Mukhang mainit na ang ulo,” sagot nito.

Suplado? Nagtaka ang dalaga. Kailan pa naging suplado si Mang Alex?

“Aba!” Namaywang ang bakla. “Wala siyang magagawa kundi ang maghintay. Kung gusto niya, siya na ang gumawa nito.”

Walang nagawa ang assistant nito kundi ang muling lumabas upang kausapin ang kanyang sundero. Sa wakas ay natapos din siyang sukatan ng baklang couturier.

“Si Mang Alex?” tanong ni Ashna kay Sheena nang makalabas sa receiving lounge.

Tila nagtaka ang babae, napakunot-noo. “Hindi po si Mang Alex ang naghihintay sa inyo.”

“Ha? Sino?”

“Ayun po siya, o,” turo nito sa lalaking nakaupo sa single-seater sofa. Nakatalikod ito habang nililibang ang sarili sa pagbuklat ng isang fashion magazine.

Mayamaya ay napalingon ito sa gawi nila. Nang makita sila nito, tumayo ang lalaki at lumapit sa kanila.

Napadilat si Ashna nang mamukhaan ito. Pakiramdam niya, nasa kalagitnaan siya ng karagatan at nag-iisa sa isang yate nang bigla siyang sagpangin ng isang pating. “N-no!”

Natigilan din ang kaharap nang makilala siya. Daig pa nito ang nakagat ng zombie.

“I-ikaw?” magkasabay nilang naibulalas. They were both shocked to see each other.

“A-ano ang ginagawa mo rito? Bakit ka narito?” di-magkamayaw na tanong ng dalaga sa Boholanong hindi niya malimut-limutan.

Katulad ng dati, ngumiti ito nang nakakabighani. “I’m here to fetch Ashna Mallari. And you?”

Kumabog ang kanyang dibdib nang marinig ang pakay nito. Naguguluhan siya sa nangyayari. Wala siyang maintindihan.

“Ah, Sir, siya po si Miss Ashna Mallari.” Si Sheena ang sumagot para sa kanya.

His face crumpled in disbelief. “Don’t mess with me. I was serious when I said I’m here to pick her up.”

“A-ako nga si Ashna Mallari. P-pero bakit—”
Napahinto siya nang tumunog ang cellphone niya.
Ang driver ang tumatawag.

“Mang Alex?”

“Miss Ashna, pasensya na po hindi ko kayo masusundo. Isinugod ko po kasi si Don Eustavo sa ospital,” pagbibigay-alam nito.

“Bakit? Ano ang nangyari sa kanya?”

“Bigla raw pong nanikip ang dibdib niya. Pero huwag na po kayong mag-alala. Ang s’abi po ng doktor, stable na ang kondisyon niya,” anito.

Napatingin ang dalaga sa lalaking kaharap na titig na titig sa kanya nang mga sandaling iyon.
“M-Mang Alex, may alam po ba—”

“Nariyan na po ba si Sir Trent? Nakiusap po kasi sa kanya si Don Eustavo na sunduin kayo diyan sa shop,” anang matanda.

Muli siyang napatitig sa kaharap. “T-Trent?” naguguluhang ulit niya.

“Si Sir Trent Caballero po ang nag-iisang anak ni Don Eustavo. Late na po siya dumating sa mansion kagabi, kaya hindi na po kayo ipinagising ni Don Eustavo,” imporma nito.

“T-this can’t be happening!” pabulong na naibulalas ni Ashna. Nang muli niyang tingnan ang lalaki, ganoon din ang reaksiyon nito. Tila hindi rin ito makapaniwalang siya ang sinadya nito roon.

“Miss Ashna?” anang kausap nang hindi na niya nakuhang sumagot pa.

“Talagang maliit lang ang mundo,” basag ni Trent sa katahimikan habang nagmamaneho.

Batid ni Ashna kung bakit nito nasabi iyon. Sa katunayan, iyon din ang tumatakbo sa kanyang isip.

Kaya nga minabuti niyang sa malayong lugar gawin ang hindi inaasahang plano na iyon. Ngunit sino ba ang mag-aakala na magkikita silang muli ng antipatiko at aroganteng lalaking ito?

Napabuntong-hininga siya.

“I’m glad we met again,” patuloy ng lalaki. “After that very intimate night—”

“Stop it!” kagyat na saway niya.

Natawa ito. “Hindi ka ba masaya na nakita mo uli ako? Don’t you remember how well you responded to my kisses? Kung gusto mo, p’wede nating ulitin

iyon nang hindi alam ni Papa,” hamon nito.

“Tumigil ka na sabi!”

“I promise, it’ll be sweeter than the first time,” panunukso nito.

Umakyat ang dugo sa ulo ni Ashna. Gusto niyang sakmalin ang kausap. Bigla tuloy siyang nakaramdam ng pagsisisi. Bakit kasi sa dinami-dami ng lalaki, dito pa niya naibigay ang pinakaiingatan niya? Hindi man lamang siya namili ng karapat-dapat. Paano kapag nalaman iyon ng pamilya niya? Pihadong magagalit ang mga ito sa kabalbalang ginawa niya.

“Ibaba mo na lang ako!” singhal ni Ashna.

Pilyong ngumiti ang binata. “Wala akong planong gawin iyon. At para sabihin ko sa ’yo, hindi kita iuuwi sa bahay. May iba tayong pupuntahan,” anito.

Kinabahan siya. “S-saan tayo pupunta?”

“Sa motel,” walang kagatul-gatol na sabi nito.

Napalunok siya sa kaba. “N-nasisiraan ka na ba? M-malapit na akong ikasal sa papa mo,” kandaual na sabi niya.

“Oh, yes, the fact that surprised me.” Napailingiling ito nang sabihin iyon. “At alam ko na rin kung

bakit bigla kang sumama sa akin nang gabing iyon.”

Nagkatinginan ang dalawa.

“Dahil kay Papa,” ani Trent. “You gave your virginity to me just like that dahil hindi mo maatim na ikakasal ka sa isang matanda. You wanted to disappoint him, right?”

Hindi kaagad nakakibo ang dalaga dahil totoo ang sinabi nito. Bigla itong tumawa.

“Your silence meant yes. Pero bakit ka magpapakasal kay Papa? Marami namang lalaki diyan, bakit sa kanya pa? I guess it has something to do with money.”

“N-nagkakamali ka,” mabilis na tanggi ni Ashna. Kung maaari lamang niyang isalaysay rito ang puno’t dulo ng lahat ay gagawin niya. Dangan nga lamang ay ayaw niyang siraan si Don Eustavo sa anak nito.

“Wala na akong nakikitang ibang dahilan maliban doon,” paniniguro ni Trent.

Naramdaman ni Ashna ang unti-unting pagdaloy ng emosyon sa dibdib niya paakyat sa lalamunan hanggang mag-init ang kanyang mga mata.

Ngunit hindi iyon pinansin ng lalaki. Sa halip, nagpatuloy ito ng panghuhusga sa kanya.

“Kunsabagay, mapapakinabangan mo talaga ang Papa pagdating sa bagay na iyon dahil hindi siya madamot sa pera. Ang ipinagtataka ko lang, bakit pa niya naisipang magpakasal if he’s already incapable of sex? Before, if he wanted to satisfy his urge, he used to do it effortlessly.

“At ang isa pang hindi ko maintindihan, bakit sa dinami-rami ng babae sa Ilocos Sur, ikaw pa ang nagustuhan niya? Ano ba ang mayroon ka, Ashna? Virginity? Paano kung malaman niyang—”

“P-please, Trent, huwag mong sasabihin sa kanya ang nangyari sa atin. Nakikiusap ako,” mangiyak-ngiyak na sumamo ng dalaga.

Muli itong natawa. “Marunong ka rin palang makiusap. Akala ko, puro katarayan lang ang alam mo,” sabi nito.

“K-kung ano man ang nangyari sa atin sa Bohol, k-kalimutan mo na,” aniya, garalgal ang boses.

“But how can I forget?” may pang-uuyam sa tono na balik ng binata. “Magkikita na tayo araw-araw. Kahit ikaw, kapag makikita mo ako, you’ll always be reminded of how satisfying your first experience was.”

“J-just pretend that nothing happened.”

Sinulyapan siya ni Trent. “Iyan ba talaga ang ginagawa mo o pinipilit mo lang ang sarili mo? First times are always unforgettable. So I don’t think you’ll be able to disregard that even a bit.”

Hindi na kumibo si Ashna. Kung kokontrahin pa niya ang sinabi nito, lalo lamang hahaba ang usapan nila at walang patutunguhan.

“Sa tingin mo ba, mapapatigil mo ako ng pananahimik mo?”

Hindi pa rin siya umimik.

“You know, I’ve known different women... their characters... lifestyles... swinging moods. Pero parepareho lang sila pagdating sa isang bagay. Alam mo kung ano?” Nilangon siya nito. “They choose to be quiet kapag hindi na nila alam ang isasagot.”